

Tularemia



Ano ito? Ang tularemia ay maaaring maging isang malubhang sakit na dulot ng bakteryang. Namumuhay ito sa mga insekto at hayop, tulad ng mga kuneho at daga. Maaaring magsimula ang mga senyales ng tularemia 1-14 araw pagkatapos ng pagkakalantad. Ang ilang mga palatandaan ay:



Biglang pagkakaroon ng lagnat at panginingig



Pananakit ng ulo



Mga Ulser



Panghihina



Pananakit ng kalamnan at kasukasan

Paano ito kumakalat?




Kagat ng garapata o deer fly



Paghawak sa mga may sakit o patay na hayop



Pagkain o pag-inom ng kontaminadong pagkain o tubig



Pagkalahap ng bakteryang

Paano ko maiiwasang makuha ito?



Gumamit ng guwantes kapag hinahawakan ang mga hayop



Lutuin nang husto ang pagkain



Maghugas ng kamay, lalo na pagkatapos hawakan ang mga hayop



Huwag gapasan ang mga patay na hayop



Tiyaking malinis ang tubig



Gumamit ng insect repellent na inaprubahan ng EPA na ginagamit sa balat*

*Ang mga repellent na aprubado ng EPA na ginagamit sa balat ay mayroong DEET, IR3535, picaridin, at langis ng lemon eucalyptus (OLE). Gumamit ng permethrin sa damit.

Diyagnosis at paggamot



Makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kung sa tingin mo ay may tularemia ka. Dapat magamot ang mga taong may tularemia sa lalong madaling panahon. Nakamamatay ang sakit kung hindi nagamot,

Para matuto nang higit pa, bisitahin ang www.kingcounty.gov/cd